# ILAW NG PAG-ASA

## Kalendaryo ng Panalangin

2025년 9월

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 110,000 na mga tao



**Panalangin para sa mga Kababaihan ng Sentral Asya, Gitnang Silangan, at Hilagang Africa**

Ang mga kababaihan sa Sentral Asya ay nagtalaga ng kanilang mga sarili sa kanilang pamilya sa pamamagitan ng pag-aalaga ng mga anak at pagpapanatili ng relasyon sa pamilya, subalit nahaharap pa rin sila sa maraming hamon katulad ng kawalan ng hanapbuhay, taksil na asawa, at asawang nakikipagrelasyon sa maraming babae, kasama na rin ang kahungkagan sa espiritu. Ang grupo ng Women of Hope sa Sentral Asya ay nag miministeryo sa pamamagitan ng iba't ibang digital platforms- tulad ng radyo, YouTube, Instagram, at Tiktok—nagdadala ng mensahe ng pag-asa at kagalingan gamit ang kanilang katutubong wika, na may mga awit pag-samba, upang magdala ng kaaliwan at tapang sa mga kababaihan. Kahit sa malupit na kapaligiran, nagpapasalamat kami na maaari naming ipahayag ang pangalan ni Jesu-Cristo, at kami ay naglilingkod na umaasa na may positibong pagbabagong magaganap mula sa pag-ibig at pag-asa galing sa Diyos na magdadala sa mga kababaihan, sa kanilang pamilya at sa buong komunidad ng rehiyong ito ng mas maganda, maayos at matagumpay na buhay.

카카오톡 채널에서 '소망의 여인들' 채널을 추가하시면 매주 월요일에 한국어 기도카드를 받으실 수 있습니

1. Panginoon, hinihiling namin na magtatag ka ng grupo ng TWR Women of Hope sa Israel. Bigyan Mo sila ng puso, stratehiya, probisyon, at pagkamalikhain para sa ikauunlad ang ministeryo. (1 Cor. 3:9-11)

2. Panginoon, ang Iyong kapayapaan nawa ang maghari sa kaguluhang nagaganap sa Gitnang Silangan. Nawa ay makatagpo ang mga kababaihan doon ng pag-asa, kalakasan, pananampalataya at pagtitiis mula sa hindi nagbabagong mga pangako ng Diyos. (John 16:33)

3. Nawa, ang mga nahaharap sa pag-uusig sa North Africa ay makatagpo ng pag-asa at kasiguraduhan kay Jesu-Cristo mula sa pagmiministeryo ng aming grupo ng Kabyle sa kanila. (Rom. 8:37-39)

4. Panginoon, nawa ang milyong refugee sa Türkiye ay makakilala sa Iyo at hanapin Ka para tulungan sila na humarap sa mga hamon sa buhay. (Ps. 54:4)

5. Samahan ninyo kaming manalangin na nawa, ang mga kababaihan sa Cyprus ay makatagpo ng pag-asa kay Jesus at maunawaan na Siya ay Diyos at hindi lamang isang tauhan sa kasaysayan o isang mabuting propeta. (John 1:1)

6. Diyos, palakasin Mo ang mga kababaihan sa Tajikistan na naiwang mag-isa upang mangalaga sa kanilang mga anak at mga kamag-anak habang ang kanilang asawa ay nagtatrabaho sa Russia. Ikaw nawa ang magdala ng kanilang pasanin. (1 Pet. 5:7)

7. Nawa, ang puso ng mga tagapakinig sa Gitnang Silangan ay mabuksan sa Iyong katotohanan, Panginoon, mula sa kanilang pakikinig sa programa ng TWR Women of Hope. (Ps. 25:5)

8. Ang mga kababaihang nagtatrabaho, lalo na ang mga solong ina ay nagdurusa dahil sa hindi patas na hamon ng ekonomiya sa Iran. Bigyan Mo nawa sila ng praktikal na tulong, pag-asa at kagalingan mula kay Jesus. (2 Cor. 9:8)

9. Ama, ingatan Mo nawa at magdala Ka ng kagalingan sa mga grupo sa Kabyle, ganundin sa kanilang pamilya na nasa North Africa. (Ex. 15:26)

10. Ang mga Kabataan sa Gitnang Silangan ay naghihirap dahil sa hindi tiyak na kinabukasan, Panginoon. Nawa ay bumaling sila sa Iyo upang magkaroon sila ing matatag na pundasyon. (Isa. 28:16)

11. Diyos, tulungan Mo at bigyan ng maayos na tirahan ang mga kababaihan sa Kazakhstan na naiwang mag-isa at walang matatahanan. (Isa. 58:7)

12. Panginoon, bigyan Mo nawa ng kakayahan, palakasin at bigyan ng karunungan, ang aming grupo sa Türkiye sa kanilang pagmiministeryo sa mga kababaihan na may masalimuot at nakakaawang kalagayan. (Job 12:13)

TWR Korea 북방선교방송
서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층
전화 (02)886-5671 / 이메일 hskim@twrk.or.kr



13. Ama, gabayan Mo nawa ang aming grupo sa Gitnang Silangan sa kanilang gawain ng pangangalaga sa mga tagapakinig. Nawa ang Iyong Espiritu ay magdala ng kagalingan sa mga tagapakinig, sila ay maging tagasunod Mo at magkaroon sila ng malalim na pananampalataya sa Iyo. (Rom. 10:17)

14. Panginoon, buksan Mo ang mga puso ng mga mamamayang Amazigh, na siyang pinakamahirap abutin sa North Africa. Nawa ay tanggapin nila ang Iyong katotohanan at kaligtasan. (Eph. 3:14-19)

15. Panginoon, nawa ang aming bagong grupo na nagmiministeryo para sa mga kababaihan sa Israel na gumagamit ng wikang Russian ay magtagumpay sa pagtatatag ng ministeryo doon gamit ang lahat ng media channel. (Prov. 16:3)

16. Ama, dalangin namin na ang mga kababaihan na dumating sa Cyprus mula sa ibang mga bansa tulad ng Gitnang Silangan at Africa ay makatagpo kay Jesus bilang kanilang ilaw mula sa kadiliman. (John 8:12)

17. Panginoon, nawa ang bawat yugto ng tatlong paparating na serye na inihahanda ng aming grupong Arabic sa Middle East ay magdala ng katotohanan, kalakasan at pagbabago sa mga kababaihang tagapakinig. (Rom. 12:2)

18. Mataas ang bilang ng kawalan ng trabaho para sa mga kabataan sa Türkiye, Panginoon. Ipahayag Mo nawa ang Iyong sarili sa mga kabataang babae na naghahanap ng trabaho upang matagpuan nila sa Iyo ang pag-asa para sa kanilang hinaharap. (Jer. 29:11)

19. Panginoon, bigyan Mo nawa ng inspirasyon at karunungan ang mga tagapanguna sa Kyrgyzstan upang sama-sama nilang mapaunlad ang sistema ng edukasyon sa kanilang lugar. (Prov. 2:6)

20. Panginoon, ilapit Mo nawa sa Iyo at magdala Ka ng pag-asa sa mga refugee mula sa Gitnang Silangan na tumakas mula sa pang-aapi at pang-uusig at nahaharap sa takot na maipatapon. (Rom. 15:13)

21. Panginoon, palakasin Mo ang aming grupong Kabyle na nahaharap sa maraming hamon ng pananahanan at pagmiministeryo sa mga lugar sa North Africa kung saan ang mga Iglesya ay pwersahang pinapasara. (Eph. 6:10-18)

22. Panginoon, nawa, ang mga kababaihan sa Turkmenistan na nahaharap sa mabigat na pasanin sa lipunan at pamilya ay makatagpo ng relasyon sa Iyo at makatagpo ng tunay na kalayaan sa kanilang buhay. (1 Tim. 2:3-4)

23. Diyos, nawa ang mga kababaihan sa Türkiye, marami sa kanila ay may takot sa paparating na mga lindol at natural na kalamidad na sisira sa kanilang buhay. Nawa ay maranasan nila ang hindi nagbabagong kapayapaan sa Iyong presensya. (Isa. 26:3)

24. Panginoon, nawa ang mga maling paniniwala, pagpapahiya, at pagtatakwil na nararanasan ng mga kababaihan sa Gitnang Silangan ay mapalitan upang malaman ng Iyong mga anak na sila ay napapansin, pinapahalagahan at minamahal Mo. (Gen. 1:27)

25. Panginoon, gamitin Mo ang programa ng Women of Hope upang matulungan ang mga kababaihan sa Uzbekistan at Karakalpakstan na matuto ng balanseng relasyon sa Iyo, sa pamilya at sa trabaho sa maayos na paraan. (Matt. 6:33)

26. Nawa, si Sarah, isang babaeng Türkiye na nakaranas ng pang-aabusong seksual , ay magkaroon ng kagalingan, kapayapaan at maliwanag na hinaharap sa Iyo sa pamamagitan ng aming grupo na pinapalibutan siya ng pagmamahal at suporta. (Ps. 147:3)

27. Diyos, magtindig Ka ng bagong tagapanguna sa mga kababaihan na may sapat na gulang, matapang at mahabagin upang magdala ng liwanag, pag-asa at katotohanan sa kanilang mga pamayanan sa Gitnang Silangan. (Matt. 5:14-16)

28. Ama, hinahanap namin ang Iyong mukha upang makamtan ang hindi nagmamaliw na kapayapaan para sa mga bansa na may gulo at digmaan sa boong daigdig. (Matt. 5:9)

29. Ama, magdala Ka nawa ng personal na kalayaan sa mga kababaihan sa Gitnang Silangan. Nawa ay matagpuan nila ang tunay na kalayaan sa Iyo. (John 8:36)

30. Panginoon, mahabag Ka at magbigay ng pag-asa at kalakasan kay Haley, isang kabataang babae sa Türkiye na natatakot para sa kanyang anak kung darating ang araw na siya ay mabibilanggo. Nawa ay sa Iyo siya tumingin. (Ps. 140:12)

**후원안내**
**국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송**
**최초 입금 후 사무실로 연락주시기 바랍니다.**